


Ang Dapat Gawin Kung Ikaw ay Na-scam



Tagalog



Alamin kung ano ang dapat gawin kung nagbayad ka sa isang tao na sa palagay mo ay scammer, o kung ibinigay mo sa scammer ang iyong personal na impormasyon o access sa iyong computer o telepono.

Maaaring maging sobrang nakakakumbinsi ang mga scammer. Tumatawag sila, nag-i-email, at nagpapadala sa atin ng mga text message sa pagsubok na kunin ang ating pera o sensitibong personal na impormasyon— kagaya ng ating Social Security number o mga account number. At magaling sila sa ginagawa nila. Heto ang dapat mong gawin kung nagbayad ka sa isang tao na sa palagay mo ay scammer o ibinigay mo sa kanila ang iyong personal na impormasyon o access sa iyong computer o telepono. Kung nagbayad ka sa isang scammer, maaaring nawala na ang pera mo. Anuman ang paraang ginamit mo sa pagbabayad, laging sulit na tanungin ang kompanyang ginamit mo sa pagpapadala ng pera kung may paraan para mabawi ito.

Kung Nagbayad ka sa Isang Scammer

Nagbayad ka ba gamit ang credit card o debit card?	Makipag-ugnayan sa kompanya o bangkong nag-isyu ng credit card o debit card . Sabihin sa kanila na isa itong mapandayang pagbabayad. Hilingin sa kanila na bawiin ang transaksyon at ibalik sa iyo ang pera mo.
Nagsagawa ba ang scammer ng di-awtorisadong paglilipat ng pondo mula sa iyong account sa bangko?	Makipag-ugnayan sa bangko at sabihin sa kanila na iyon ay isang di-awtorisadong debit o withdrawal . Hilingin sa kanila na bawiin ang transaksyon at ibalik sa iyo ang pera mo.
Nagbayad ka ba gamit ang gift card?	Makipag-ugnayan sa kompanyang nag-isyu ng gift card . Sabihin sa kanila na ginamit iyon sa isang scam at hilingin sa kanila na i-refund ang pera mo. Itago pa rin ang mismong gift card, at ang resibo ng gift card.
Nagpadala ka ba ng wire transfer sa pamamagitan ng kompanyang kagaya ng Western Union o MoneyGram?	Makipag-ugnayan sa kompanya ng wire transfer . Sabihin sa kanila na isa itong mapandayang pagpapadala. Hilingin sa kanila na bawiin ang transaksyon at ibalik sa iyo ang pera mo. <ul style="list-style-type: none">• MoneyGram sa 1-800-955-7777• Western Union sa 1-800-448-1492• Ria (mga paglilipat ng pondo na hindi sa Walmart) sa 1-877-443-1399• Ria (mga paglilipat ng pondo na Walmart2Walmart) sa 1-855-355-2144
Nagpadala ka ba ng wire transfer sa pamamagitan ng iyong bangko?	Makipag-ugnayan sa iyong bangko at isumbong ang mapandayang paglilipat ng pondo. Hilingin sa kanila na bawiin ang transaksyon at ibalik sa iyo ang pera mo.
Nagpadala ka ba ng pera sa pamamagitan ng money transfer app?	Isumbong ang mapandayang transaksyon sa kompanya ng money transfer app at hilingin sa kanila na bawiin ang bayad. Kung ni-link mo ang app sa credit card o debit card, isumbong ang pandaraya sa kompanya o bangko ng iyong credit card. Hilingin sa kanila na bawiin ang ibinayad.

Nagbayad ka ba gamit ang cryptocurrency?	Karaniwan nang hindi mababawi ang mga pagbabayad gamit ang cryptocurrency. Kapag nagbayad ka gamit ang cryptocurrency, mababawi mo lang ang pera mo kung ipapadala ito sa iyo ng taong binayaran mo. Pero makipag-ugnayan sa kompanya na ginamit mo upang maipadala ang pera at sabihin sa kanila na ito ay isang mapanlinlang na transaksyon. Hilingin sa kanila na ipawalang-bisa ang transaksyong iyon, kung maaari.
Nagpadala ka ba ng pera?	Kung ipinadala mo ang pera sa pamamagitan ng koreo ng U.S., makipag-ugnayan sa U.S. Postal Inspection Service sa 877-876-2455 at hilingin sa kanila na harangin ang pakete. Para malaman ang higit pa tungkol sa prosesong ito, bisitahin ang Pagharang sa Pakete ng USPS: Ang mga Pangunahing Impormasyon . Kung gumamit ka ng iba pang serbisyo sa paghahatid, makipag-ugnayan sa kanila kaagad hangga't maaari.

Kung Ibinigay mo sa Scammer ang Iyong Personal na Impormasyon

Ibinigay mo ba sa scammer ang iyong Social Security number?	Pumunta sa IdentityTheft.gov para makita kung anong mga hakbang ang dapat gawin, kasali na rito ang pagsubaybay sa iyong kredito.
Ibinigay mo ba sa scammer ang iyong username at password?	Gumawa ng password na bago at mahirap hulaan . Kung ginagamit mo ang parehong password sa iba pang lugar, palitan rin ito doon.

Kung Nagkaroon ang Scammer ng Access sa Iyong Computer o Telepono

May remote access ba ang scammer sa iyong computer?	I-update ang security software ng iyong computer , mag-scan, at burahin ang anumang natukoy nito bilang problema. Pagkatapos, isagawa ang iba pang hakbang para maprotektahan ang iyong personal na impormasyon .
Nakontrol ba ng scammer ang iyong numero at account sa telepono?	Makipag-ugnayan sa iyong service provider para mabawi ang kontrol sa iyong numero sa telepono. Pagkatapos mo itong gawin, palitan ang password ng iyong account. Suriin din kung may mga di-awtorisadong pagbabayad o pagbabago sa iyong credit card, bank account, at iba pang pinansiyal na account. Kung may nakita kang anuman, isumbong ito sa kompanya o institusyon. Pagkatapos, pumunta sa IdentityTheft.gov para makita kung anong karagdagang hakbang ang dapat mong gawin.

Iulat ang Scam sa FTC

Kapag nagsumbong o nag-ulat ka ng scam, maaaring gamitin ng FTC ang impormasyon para bumuo ng kaso laban sa mga scammer, tuklasin ang mga trend, turuan ang publiko, at ibahagi ang data tungkol sa nangyayari sa iyong komunidad. Kung nakaranas ka ng scam — o may nakita kang ganito, isumbong ito sa FTC sa



FEDERAL TRADE COMMISSION

Oktubre 2022

ReportFraud.ftc.gov

Tingnan kung anong nangyayari sa iyong estado o metro area sa pamamagitan ng pagbisita sa

ftc.gov/exploredata